



Peer Review Report Form

Pamagat ng Manuskrito:	Isang Kumbersasyong Analisis sa Turn-Taking ng Tatlong Henerasyon ng Kababaihan sa Isang Panayam
Uri ng Artikulo:	Orihinal na Artikulo

UNANG YUGTO

Editor

<u>Pangkalahatang Puna</u>
Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito. Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang <i>entry</i> lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga <i>entry</i> sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng <i>in-text citations</i>.

Tagasuri 1

<u>Pangkalahatang Puna</u>
Ang manuskrito ay tumatalakay sa isang mahalagang paksa sa larangan ng pagsusuring pangkumbersasyon, lalo na sa ugnayan ng edad, henerasyon, at <i>turn-taking</i> ng kababaihan. May malinaw itong potensiyal dahil gumagamit ito ng aktwal na datos mula sa isang panayam at iniuugnay sa kulturang Pilipino ng pakikipag-usap. Gayunman, kailangan pang patibayin ang metodolohiya, <i>research gap</i>, at lalim ng pagsusuri upang maging mas kapani-paniwala ang ambag nito sa larangan.

<u>Tiyak na Puna</u>
Kailangang palinawin pa ang <i>research gap</i>. Nabanggit na may mga naunang pag-aaral tungkol sa <i>turn-taking</i>, <i>overlap</i>, <i>interruption</i>, at kasarian, ngunit hindi pa sapat na naipakita kung ano ang bagong ambag ng pag-aaral na ito bukod sa paggamit ng tatlong henerasyon ng kababaihan. Mas magiging matibay ang papel kung malinaw na ipapaliwanag kung bakit mahalagang suriin ang <i>intergenerational</i> na usapan sa kontekstong Pilipino. Kailangang palakasin ang paliwanag sa metodolohiya. Isang panayam lamang ang pinagkunan ng datos, kaya kailangang linawin kung bakit sapat ito para sa layunin ng pag-aaral. Dapat ding



ipaliwanag nang mas tiyak kung paano kinilala, binilang, o ikinategorya ang *backchannel*, *filler*, *overlap*, at *interruption* upang maiwasan ang impresyon na ang pagsusuri ay nakabatay lamang sa sariling interpretasyon ng mga mananaliksik.

May magagandang halimbawa sa resulta, ngunit kailangan pang palalimin ang analisis. Sa ilang bahagi, ang paliwanag ay nauuwi sa pag-uulit na ang *overlap* ay nagtutulungan o ang *interruption* ay pag-agaw ng turno. Mas makatutulong kung mas malinaw na iuugnay ang bawat halimbawa sa kapangyarihan, edad, kultura ng paggalang, at propesyonal na relasyon ng mga kalahok.

Kailangang maging mas maingat sa kongklusyon. Dahil limitado ang datos sa tatlong artista sa isang pampublikong panayam, hindi dapat masyadong malawak ang pahayag na ang edad ay nakaaapekto sa *turn-taking* ng kababaihan sa pangkalahatan. Mas angkop kung ilalahad ito bilang obserbasyon mula sa partikular na konteksto ng panayam, hindi bilang pangkalahatang konklusyon sa lahat ng kababaihan o henerasyon.

Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.

<u>Pasya</u>	
	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.
✓	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.
	Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.

Tagasuri 2

<u>Pangkalahatang Puna</u>
Nagbibigay ang pananaliksik na ito ng isang kawili-wili at napapanahong pagsilip sa dinamika ng usapan sa kontekstong Pilipino, partikular ang interaksyon sa pagitan ng tatlong magkakaibang henerasyon ng kababaihan. Ang paggamit ng <i>Conversational Analysis (CA)</i> upang himayin ang isang pampublikong panayam mula sa <i>YouTube</i> ay praktikal at makabuluhan para sa pag-aaral ng natural na daloy ng wika. Gayunpaman, kinakailangan pa ng ilang rebisyon sa manuskrito upang mas mapatibay ang metodolohikal na pamamaraan nito at mas mapalalim ang teoretikal na ambag ng papel, partikular sa kung paano nagkakaiba ang pangkalahatang <i>turn-taking</i> sa mga elementong sadyang nakaugat sa kulturang Pilipino.

<u>Tiyak na Puna</u>
Malinaw na inilatag ang mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Subalit, ang pangunahing argumento kung bakit partikular na tatlong henerasyon ng kababaihan ang napili ay hindi gaanong napalalim sa bahagi ng Introduksyon. Nabanggit sa papel na madalas nakalimita lamang sa pagkukumpara ng dalawang kasarian o nakatuon sa isang henerasyon ang mga naunang pag-aaral. Mahalagang ipaliwanag kung anong tiyak na panibagong pananaw o



teorya ang nais patunayan o buwagin ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagpili sa tatlong henerasyon. Makatutulong ito upang mas tumibay ang halaga ng inyong pananaliksik.

Nilinaw ng mga mananaliksik na ginamit ang *Jefferson Transcription System* para sa pag-organisa ng mga datos mula sa *TurboScribe*. Gayunpaman, batay sa mga halimbawang inilatag sa Talahanayan 1, tila hindi buo at pare-pareho ang paggamit ng mga simbolo ng sistemang ito. Ang puso ng *Conversational Analysis* ay ang napakadetalyadong pagtatala ng mga paghinto (*pauses*), intonasyon, at haba ng salita. Makabubuting rebyuhin ang mga *excerpt* upang masigurong tumpak at maayos ang representasyon ng mga *linguistic cues*.

Sa inyong pagsusuri, natukoy na mas naging dominante sa panayam ang nakatatandang kalahok sa pamamagitan ng pagkontrol sa direksyon ng usapan at pangingibabaw sa *overlap* at *interruption*. Mas mapayayaman ang inyong interpretasyon kung tahasan itong iuugnay sa mga konseptong sikolohikal at kultural ng mga Pilipino, tulad ng "Kapwa" at ang katutubong pamamaraan ng pagpapakita ng paggalang na higit pa sa paggamit ng salitang "opo". Magbibigay ito ng natatanging tatak-Pilipino sa inyong pagsusuri.

Malaki ang potensyal ng papel na ito na mag-ambag sa pag-unawa kung paano ginagamit ang wika sa mga impormal at pampublikong espasyo. Upang mas maging kapaki-pakinabang ito sa larangan ng edukasyong pangwika, iminumungkahi kong magdagdag sa bahagi ng Kongklusyon at Rekomendasyon ng mga tiyak na suhestiyon kung paano magagamit ng mga guro sa wika ang mga natuklasang ito. Halimbawa, paano maituturo sa mga mag-aaral ang epektibong pakikinig at pamamahala ng *turn-taking* sa mga pormal na talakayan batay sa dinamika nina Barbie, Jodi, at Cherry Pie?

Siksik sa impormasyon ang bahagi ng "Kaugnay na Literatura at Pag-aaral". Ngunit, mapapansing inilarawan ang mga pag-aaral nina Kiani, Shahnaz, at Ghilzai (2024), Oliveros at Fajardo (2024), pati na rin nina Ghilzai at Baloch (2016) nang sunod-sunod bilang hiwa-hiwalay na mga talata. Mas mapabubuti ang daloy nito kung gagamitan ito ng *thematic synthesis* kung saan pinagsasama-sama ang mga awtor batay sa parehong temang sinasang-ayunan o tinututulan nila. Ipinapakita ng ganitong pamamaraan ang mas mataas na antas ng kritikal na pag-unawa ng mananaliksik sa mga kaugnay na literatura.

Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.

<u>Pasya</u>	
	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.
✓	Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.
	Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.



IKALAWANG YUGTO

<u>Pasya</u>	<u>Editor</u>	<u>Reviewer 1</u>	<u>Reviewer 2</u>
Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon.	/	/	/
Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri.			
Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon.			